**Pamagat**: Si Cristo ang Dahilan Kung Bakit ang Lahat ng Mga Bagay ay Nananatiling Buo.

**Texto**: Colossians 1:17 "And he is before all things, and by him all things consist."

*Pagsasalin*: At siya ay una sa lahat ng mga bagay, at sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay ay namamalagi. (Mga Taga-Colosas 1:17)

**Panimula**:

1. Ang binasa natin sa pagbabasa ng Scripture (Banal na Kasulatan) ay isang paglalarawan ng tunay na Christo.
2. Batay lamang sa talatang ito, hindi isang pagmamalabis na sabihin na makikita kay Christo Jesus lamang ang tunay na kahulugan ng buhay.
3. Ang tanging alternatibo kay Cristo ay kimikal at pagkakataon, o walang kabuluhang pag-iral.
   A. Nilikha ba ng uniberso ang kaniyang sarili? (Walang manlilikha)
   B. Ang kahulugan ng buhay ay yaon lamang nagbibigay ng mabuting pakiramdam tungkol sa kaniyang sarili.
4. Itong dalawang pananaw ay bigo dahil walang kabuluhan ang buhay at sinisira niya ang kanyang sarili bilang isang tao sa kanyang konklusion ng agham (or siyensiya) at personal na tuntunin ng moralidad o etika.
5. Bigyan natin pansin ang mga Salita ng Diyos patungkol kay Jesucristo, at saka natin makikita sa kanyang mukha ang tunay na layanin ng Diyos at halaga ng buhay.

**I. Sa Pamamagitan ni Christo lahat ng mga bagay ay namamalagi**. ("Consist")

A. Consist: [Latin] *con* (with, or together; kasama) *sistere* (stand, firm, fix; tayo, nakapirmi, matatag). Con + sistere = consist, upan tumayo ng sama-sama; para bumuo; upang magkasama.
B. Dahil kay Christo lahat ng mga bagay ay namamalagi, o nananatiling buo, nahahawakang sama-sama (sa kaniya).
C. Hindi lamang na nilikha ng Diyos ang lahat mula sa wala sa pamamagitan ng kanyang makapangyarihang salita, pero ang lahat ay namamalagi o nananatiling buo sa kasalukuyang kalagayan ng dahil kay Christo.
D. Kung hindi sisusuportahan ni Jesucristo ang lahat ng mga bagay, siguradong lulubog sa wala ang lahat ng mga bagay. Mawawasak ang lahat.
   D.1. Ang tunay na kapangyarihan ay hindi likas sa tao. (Jn. 15:5; 19:11)
   D.2. Ang tunay na layunin ng buhay ay matatagpuan kay Christo lamang. (Matt. 11:29)

**II. Mga Implikasyon nitong katotohanan**:

A. Si Cristo ay Diyos: Siya ang Manlilikha; Tagabantay ng lahat ng mga bagay; Tagapagtaguyod; Tagapagtanggol; Magsusupil; Unifier (Nagpapakaisa sa lahat); Nagpapanatili; Ang Kailanman-aktibong ahente; Nagpapatatag; Tagagawa o Tagapaglikha ng lahat ng mga bagay.
B. Ang lahat ng kalikasan ay may layunin at pagkakaisa dahil kay Christo.
C. Ang lahat ng mga bagay ay may kaugnayan dahil kay Christo.
D. Siya lamang ang may kapangyarihan na suportahan ang lahat at karunungan para magpatakbo ng lahat. (Maging sa halaman, sa hayop, pati na rin sa ating ginuguhit na hininga – ito ay galing sa kanyang kapangyarihan at grasya).
E. Ang tao ay limitado, pero si Christo ay walang hanggan na kapangyarihan at karunungan.

**Katapusan**:

1. Hindi natin maaring bigyan ng kalulwalhatian ang Diyos maliban sa kapangyarihan na ibinibigay niya sa atin.
2. Manalangin ka sa kanya, na maaring bigyan ka ng tulong sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at ikaw ay mabubuhay sa kanya, kay Christo, na siya na naglikha sa iyo at nagligtas sa iyo upang magampanan mo ang layunin ng Diyos sa iyong buhay.